## PAANO HUMINGI NG FOOD HAMPER SA TELEPONO

*Ang paghingi ng hampers ay sa pamamagitan ng appointment lamang. Mangyaring magpalista ng maaga online o sa pagtawag sa telepono.*

**TUMAWAG SA 403-253-2055**

**LUNES – HUWEBES**
8:15 AM – 7:00 PM

**BIYERNES**
8:15 AM – 4:00 PM

*Maaaring abala ang mga linya ng telepono at mga boluntaryo, mangyaring kailanganing tumawag ng paulit-ulit para makapasok ang tawag. Salamat sa inyong pasensya.*

### MAGHANDA
Maghanda, may mga ilang personal na katanungan tungkol sa kita at mga pangunahing gastusin. Kabilang dito ang mga suporta mula sa gobyerno/ kita, upa, mortgage, mga gamit, pangangalaga sa bata, at medikal. Ang iyong tawag at impormasyon ay kumpidensyal

### MAG-PALISTA NG ORAS
Kapag ikaw ay tumawag at naaprubahan para sa food hamper, ang boluntaryo ay maglilista ng tiyak na oras para sa iyong pag-kuha ng food hamper. Maaaring kunin ang hampers sa aming pangunahing lokasyon o iba pang sangay

### BAGO
Maaari mo ring patunayan ang iyong pagkakakilanlan (ID) virtually upang posibleng ang isang Third Party (miyembro ng pamilya, kaibigan, boluntaryo, iba pang delivery service) ang kumuha ng iyong hamper sa mas napapanahon, ligtas at kanais-nais na paraan.

*Ang isang hamper ay naglalaman ng 7+ araw na pagkain para sa bawat tao ng iyong pamamahay.*



## PAANO HUMINGI NG FOOD HAMPER ONLINE?

### PUMUNTA SA WEBSITE
I-type ang calgaryfoodbank.com/needfoodform/ sa iyong browser. Inirerekomenda naming ang paggamit ng Google Chrome.

### PUNAN ANG FORM
Tiyaking isama ang LAHAT ng miyembro ng iyong pamamahay. Maging handa, may ilang mga personal na katanungan tungkol sa kita at mga pangunahing gastos. Kabilang dito ang mga suporta mula sa gobyerno/kita, upa, mortgage, mga gamit, pangangalaga sa bata, at medikal. Ang iyong paghingi at impormasyon ay kumpidensyal.

### I-UPLOAD ANG IYONG ID
Kapag naaprubahan ang iyong paghingi, makakatanggap ka ng email. Maglalaman ang email ng isang link na kakailanganin mong i-click upang i-upload ang mga larawan ng iyong ID at upang sumang-ayon sa Mga Tuntunin at Kundisyon. Ang iyong ID ay ipapadala sa isang myembro ng Calgary Food Bank para tiyakin ito. Kapag napatunayan na ang (mga) miyembro ng pamamahay, buburahin ang impormasyon ng iyong ID.

### PAG-SCHEDULE PAGKUHA ng HAMPER
Para kunin ang iyong hamper, maaari ka na ngayong pumili ng petsa. Makakatanggap ka ng email ng kumpirmasyon kasama ang iyong personal na QR code na dapat mong dalhin upang kunin ang iyong hamper.

### PAALALA
Sa kasalukuyan, ang pag-hingi ng hamper online ay magagamit lamang sa Calgary Food Bank (5000 11 Street SE) pangunahing lokasyon. Kung gusto mong magpalista ng hamper para kunin sa isang komunidad na mas malapit sa iyo, mangyaring tawagan ang Hamper Request Line sa 403-253-2055.

**CALGARY FOOD BANK**

# PAANO KUMUHA NG FOOD HAMPER




**NANGANGAILANGAN NG SUPORTANG PAGKAIN? NARITO KAMI PARA SA'YO!**

# PAANO KUMUHA ng HAMPER

TAWAGAN ANG LINYA NG HAMPER REQUEST
**403-253-2055**

O MAGPALISTA ONLINE

### IPALISTA ANG IYONG APPOINTMENT
Ang hampers ay by appointment lamang. Maaaring magpalista ng maaga online o sa telepono.

### NANGANGAILANGAN NG SUPORTANG PAGKAIN?
Ang pagtugon sa pangngangailangan ng iyong pamilya ay di dapat maging kabigatan sa iyong kalooban. Kung dumating ka sa sitwasyong kailanganin mo ng suporta sa pagkain, ipinapakiusap na ito ay ipagbigay-alam.

### KARAGDAGANG SUPORTA
Maaari namin kayong gabayan sa mga karagdagang suporta sa inyong pamayanan. Tanungin ang mga tauhan, boluntaryo, o sa pamamagitan ng paghiling online

# PAGKUHA NG INYONG FOOD HAMPER

## ANG MGA HAMPER AY BY APPOINTMENT LAMANG

**Pinapakiusap na magpalista ng maaga online o sa telepono.**

**CALGARY FOOD BANK**
**5000 11 STREET SE**

### ANONG DAPAT KONG GAWIN SA AKING PAGDATING?
Kami ay mayroong modelo ng drive-thru para sa pamimigay ng hamper. Mangyaring maglaan ng lugar sa inyong sasakyan bago dumating, pinakamaganda ang likod nito. Iprisinta ang ID sa inyong pagdating, at sumunod sa mga direksyon ng boluntaryo para sa pagparada at pagkarga.

### PAANO KUNG WALA AKONG SASAKYAN?
Kung wala kang sasakyan, mayroon kaming ligtas na pamimigay ng hamper na maaaring daanan. Sundin lamang ang mga direksyon ng mga boluntaryo.

### GAANO KADALAS MAAARING KUMUHA NG HAMPER?
Maaari kang makatanggap ng food hamper pagkalipas ng 10-araw mula sa huli mong paghiling. Halimbawa, kung nakatanggap ka ng hamper sa ika-1 ng buwan, ang iyong susunod na pagkuha ng pagkain ay sa ika-12 ng buwan.

### MAARI BA AKONG MAGPA-HATID ng HAMPER?
*BAGO* Nagsimula kami ng serbisyong paghahatid ng Hamper sa mga kliyente na naka-quarantine o hiniwalay. Magtanong sa aming mga tauhan o boluntaryo para sa mga karagdagang impormasyon.

**Para sa oras ng mga iba pang sangay na lokasyon, bisitahin ang calgaryfoodbank.com/needfood.**

## TANDAAN ANG IYONG

### ANG ID AY KINAKAILANGAN SA PAG-KUHA NG HAMPER
1 piraso lamang ng ID ang kinakailangan para sa lahat ng napapaloob sa hamper request

### MGA ID NA TINATANGGAP
- Driver's License
- Pasaporte
- PRC kard
- Treaty status kard

Kung wala kang ID na may larawan nagmula sa gobyerno, maaaring magdala ng 2 ID (healthcare kard. sertipikasyon ng kapanganakan, o sulat na naglalaman ng iyong kumpletong pangngalan at lugar ng tirahan, etc).

### TANDAANG DALHIN
Numero ng Hamper: Ito ay ibibigay sa'yo ng boluntaryo sa Hamper Request Line, sosyal worker, o nakapaloob sa QR Code kung nagpatunay ng iyong ID online.

### ORAS NG PAGKUHA NG HAMPER
**Mangyaring dumating lamang sa tinakdang oras para sa'yo**

**Lunes – Huwebes**
8:00–10:30 am | 11 am–1:30 pm
2:00–4:30 pm | 5:00–7:30 pm

**Biyerness**
8:00–10:30 am | 11:00 am–1:30 pm
2:00–4:00 pm

**Sabado**
9–11:30 AM | 12:00–2:30 PM